

SERYE PARA SA KAAYUSAN NG KLIMA



Pangangasiwa ng mga wildfire at kapakanan ng klima



Likhang Sining ni minayuyu

Paglaki ng Panganib sa Panahon ng Wildfire

Bagamat ang mga wildfire ay isang natural na kaganapan, ang mga pagbabago sa klima na gawa ng mga tao ay nagpapalaki ng epekto ng wildfire sa buong mundo.

Ito ay dulot ng pagkuha at pagsunog ng petrolyo, gayundin ang pagkasira ng ekolohiya dahil sa kolonyalismo, kapitalismo, at neoliberalismo. Ang patuloy na sistematikong pagmamalupit sa mga Katutubong kaalaman at lupa ay nagpapatindi rin ng panganib sa wildfire.



Mga Tao, Climate Change at Mga Wildfire

Dahil dito, mas mataas ang posibilidad ng matinding pag-apoy taon-taon.

Ang mas maagang pagtunaw ng niyebe ay humahantong sa mas tuyong lupa, kagubatan at talahib na nagsisilbing panggatong ng apoy.

Ang mga GHG emissions na gawa ng mga tao ay nagdudulot ng mas mainit na temperatura.


Ang tagtuyot, pagbabago sa pattern ng ulan, at mga invasive na insekto ay mayroong abilidad na makapatay o makapagpatuyo ng malawak na lupa sa gubat.

Ang mga wildfire ay kadalasang kaganapan sa buong komunidad

- Habang tumitindi ang kondisyon ng wildfire sa isang rehiyon, normal para sa mga tao sa komunidad na makaramdam ng pagkabahala dahil sa mga posibleng epekto ito.
- Ang mga komunidad ay maaaring makaranas ng direktang dalamhati, katulad ng pagkawala ng buong komunidad, katulad ng sa Lytton B.C.. Ang iba naman ay maaaring makaranas ng hindi direktang dalamhati habang patunay nilang nasasaksihan ang pagkasira ng komunidad.



- Ang mga paglikas at pagkawasak na dulot ng wildfire ay maaari ring sanhi ng pangekonomiya, panlipunan at pampulitikang pag-igting sa komunidad.



Paano nakakaapekto ang wildfire sa ating kalusugan at kagalingan?

Ang pagkaranas o pagkasaksi sa mga wildfire ay maaaring magdulot ng direkta o hindi direktang dalamhati

Mayroong kaugnayan ang wildfire sa tumitinding pagkabahala, depresyon, isolation, kawalang ng motibasyon, kalungkutan, pangangamba, pagkabalisa, PTSD, at iba pang epekto sa kalusugang pangkaisipan.

Ang mga Katutubong komunidad ay maaari ring makaharap ng hindi pangkaraniwang pagkagambala dahil sa kanilang kultura at relasyon at lupain, na pinapatindi ng wildfire.

Wildfires at Pisikal na Kagalingan

Ang usok na mula sa wildfire ay nagbubuga ng mga 'fine particles' na nagiging dahilan ng sipon, sakit sa lalamunan, sinus, sakit sa ulo, ubo, bronkitis, paglala ng hika, paghingal, pulmonya, at iba pang sakit sa puso at paghinga.

Natuklasan din na ang polusyon sa usok ay pumapasok sa 'blood-brain barrier'. Ito ay nagdudulot ng maagang pagtanda, iba't ibang anyo ng demensya, depresyon at sikosis.

Ang usok ng wildfire ay maaari ring makaapekto sa baga ng mga bata, mga matanda, mga buntis at mga taong mayroong hika, COPD, pulmonya, malalang sakit sa puso o diyabetes.



Pag-navigate sa Mga Wildfire

Sa kasaganahan ng mga wildifre, magbigay abiso sa publiko na manatili lang sa loob ng bahay. Gayunpaman, maaari itong maging hamon dahil sa iba't ibang uri ng trabaho, pangangailangan sa pag-commute, sosyo-ekonomikong kalagayan o access sa ligtas na pabahay.

Dahil dito, ang ibang mga tao ay maaaring mapilitang magtrabaho sa mga hindi ligtas na kalagayan na mayroong epekto sa kondisyon ng isip at ng katawan.

Ang mga tao ay maaari ring makaranas ng mas mataas na lebel ng pagkabahala, pagkapagod, pagkalugmok, pagkabigo, pagkagalit at pag-aalinlangan habang sinusubukang protektahan ang kanilang pansarili o pampamilyang kalusugan.



Panandaliang mga Aksyon



Ang pagbabahagi ng kaalaman ay maaaring magbigay ng lakas at maghanda sa komunidad para sa mga pangkalusugang panganib at epekto ng wildfire.

- Magplano para sa pagliksa ng mga tao at alagang hayop kung nakatira sa magubat na lugar.
- Magbigay ng pampublikong kaalaman tungkol sa epekto ng 'forest fires' sa sariling kabutihan at kalusugan.
- Sa kasaganahan ng wildfire, limitahan ang pagtitipon sa labas ng bahay at magsuot ng takip sa mukha laban sa polusyon.
- Tulungan ang mga miyembro ng komunidad na nasa mataas na peligro sa pamamagitan ng pagbabahagi ng pagkain, pangangalaga sa mga bata, at pagsuporta sa mental health.
- Magtayo ng mga lugar sa komunidad na magsisilbing 'clean air sanctuaries'.

Pangmatagalang Aksyon



- Tugunan ang hindi pagkakapantay-pantay sa lipunan na nagdudulot ng iba't ibang epekto na ayon sa kasiraan, edad o kalusugan ng isang tao.
- Tiyakin na ang pagpapalano sa komunidad at mga pampublikong serbisyo ay patas at inklusibo, upang mabigyang prayoridad ang mga laylay sa lipunan.
- Itigil ang pagtotroso sa mga matatandang gubat at isulong ang wastong paggamit ng mga lupa.
- Bigyang prayoridad ang mga Katutubong pamumuno at Kaalaman upang mabigyan ng wastong pamamahala ang mga gubat at mga lupa.
- Lumayo sa paggamit at pagdepende sa petrolyo.

Mga sanggunian

- Community Resilience & Wellbeing Amid Climate Crisis, by Meghan Wise <https://sustain.ubc.ca/about/resources/community-resilience-wellbeing-amid-climate-crisis>
- Helen Louise Berry, Kathryn Bowen, and Tord Kjellstrom, "Climate Change and Mental Health: A Causal Pathways Framework," *International Journal of Public Health* 55, no. 2 (April 1, 2010): 123-32.
- Prairie Climate Center, "Heat Waves and Health: A Special Report on Climate Change in Canada.
- Paolo Cianconi, Sophia Betrò, and Luigi Janiri, "The Impact of Climate Change on Mental Health: A Systematic Descriptive Review," *Frontiers in Psychiatry* 11 (2020).
- Susan Whitmore-Williams et al., "Mental Health and Our Changing Climate: Impacts, Implications, and Guidance | PreventionWeb.Net."
- Susan Clayton, Christie Manning, and Caroline Hodge, "Beyond Storms & Droughts: The Psychological Impacts of Climate Change" (American Psychological Association, June 2014)